# Mahabang Pagsusulit sa Filipino 7

**Ikaapat na Markahan**

**Pangalan, Taon, at Seksyon:**

**TEST I:**

Panuto: Basahin ang bawat pahayag. Isulat sa patlang ang **TUMPAK** kung ito ay wastong pahayag at kung mali naman, **PALITAN NG WASTONG SALITA** ang nakalinyang salita.

______________ 1. Nagkaroon ng malubhang karamdaman si Haring Fernando na ang tanging makagagamot lamang ay ang mahiwagang awit ng Ibong Adarna.
______________ 2. Unang inutusan si Don Diego upang hanapin ang mahiwagang ibon.
______________ 3. Nakilala ni Don Juan ang isang matanda na binigyan niya ng makakain at nagbigay sa kaniya ng payo kung paano mahuhuli ang ibong Adarna.
______________ 4. Hinuli ni Don Juan ang ibon gamit ang pilak na kawayan.
______________ 5. Unang nakilala ni Don Juan si Leonora at tinalo ang higante at serpyenteng nagbabantay.
______________ 6. Nakatulog si Don Pedro dahil sa pag-awit ng Ibong Adarna.
______________ 7. Naging bato sina Don Diego at Don Fernando.
______________ 8. Tatlong ulit na umawit ang Adarna.
______________ 9. Pitong ulit nag-iba ang balahibo ng Ibong Adarna.
______________ 10. Pinayuhan ng Ibong Adarna si Juan na kalimutan na si Donya Leonora.

**TEST II:**

Panuto: Tukuyin ang ipinapahayag sa bawat pangungusap. Isulat ang wastong sagot.

**A. Mga Tauhan sa Ibong Adarna**

_______________ 1. Ang tumulong kay Don Juan noong panahong hinang-hina siya dahil sa pambubugbog ng mga kapatid.
_______________ 2. Siya ang unang babaeng nagpatibok sa puso ni Don Juan.
_______________ 3. Nagbigay sa bunsong prinsipe ng sintas bilang panghuli sa ibon.
_______________ 4. Isang malaking ahas na may pitong ulo na nagbabantay kay Donya Leonora.
_______________ 5. Gamit ni Don Juan na panghiwa sa kanyang mga palad.

**B. Mga Tagpuan sa Ibong Adarna**

_______________ 1. Dito naninirahan ang ibong Adarna, kung saan ito umaawit habang nagpapalit ng balat at natutulog.
_______________ 2. Bundok kung saan natagpuan ang mahiwagang balon.
_______________ 3. Bundok kung saan matatagpuan ang punong tinitirhan ng Ibong Adarna.
_______________ 4. Kahariang pinamumunuan ni Haring Fernando.
_______________ 5. Bundok kung saan naging bato ang dalawang prinsipe.

LIVEWORKSHEETS

**TEST III:**

Panuto: Basahin nang mabuti ang mga tanong at piliin ang wastong letra. Isulat ito sa nakalaang linya. Gumamit ng **MALAKING LETRA** sa pagsagot.

___ 1. Sa paanong paraan sinimulan ang Ibong Adarna?
- a. Allegro
- b. Pamamaalam ng makata
- c. Pagkakasakit ng hari
- d. Paghingi ng tulong at panalangin sa Mahal na Birhen

___ 2. Ano ang dahilan ng pagkakasakit ng hari?
- a. Masamang panaginip
- b. Masamang hangin
- c. Masamang utusan
- d. Masamang panalangin

___ 3. Sino ang ikalawang naglakbay upang hanapin ang lunas sa sakit ng ama?
- a. Don Pedro
- b. Don Diego
- c. Don Juan
- d. Don Fernando

___ 4. Sino ang tinulungan ni Don Juan at binigyan ng tinapay?
- a. Ketongin
- b. Estranghero
- c. Tindero
- d. Lumpo

___ 5. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang tama o wasto?
- a. Maituturing si Don Juan bilang protagonista sa Ibong Adarna.
- b. Si Don Pedro ay isang protagonista.
- c. Si Don Diego ang tanging antagonista sa Ibong Adarna.
- d. Lahat ng tauhan sa Ibong Adarna ay nakahuli rito.

___ 6. Alin sa sumusunod ang isang patunay na gagawin ng anak ang lahat para sa ikabubuti ng kaniyang magulang?
- a. Maglalakbay sa malayong lugar.
- b. Pagmamahal ni Don Juan sa kaniyang ama.
- c. Mag-aagawan sila sa tagumpay
- d. Paglalakbay ng tatlong magkakapatid para hanapin ang lunas

___ 7. Nanalangin ang makata sa Mahal na Birhen. Alin ang maaaring maging repleksiyon nito sa ating lipunan?
- a. pagiging masunurin sa mga magulang
- b. Ang mga tao ay sumasamba sa rebulto.
- c. pagiging relihiyoso at mapanampalataya sa Diyos
- d. Maraming problemang kailangang ipanalangin.

___ 8. Kung ikaw si Don Pedro, paano mo mapipigilan ang iyong sarili na gawan ng masama ang sarili mong kapatid?
- a. Tuparin ang layunin
- b. Iwasang mainggit
- c. Higit pang mahalin ang sarili
- d. Higit pang paghusayin ang sarili

___ 9. Sa iyong palagay, tunay bang tapat si Donya Leonora kay Don Juan?
- a. Oo, dahil pinaalagaan niya sa isang lobo si Don Juan
- b. Oo, dahil ito ay hinintay niya sa loob ng mahabang panahon.
- c. Hindi, dahil napilit din siyang magpakasal ni Don Pedro agad-agad
- d. Hindi, dahil agad siyang nagpakasal kay Don Diego pagdating sa Berbanya.

___ 10. Alin sa mga sumusunod ang **hindi tama** tungkol kay Don Juan**?**
- a. Agad nahulog ang loob niya kay Donya Juana
- b. Nahulog din ang loob niya kay Donya Leonora
- c. Natalo niya ang higante at serpyente
- d. Tumakas si Juan sa parusa ng kanyang ama.

LIVEWORKSHEETS